Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN**

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-11 NG MARSO, 2005 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Salvador A. Magalay | - | Pangalawang Punong Bayan |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | - | Sang. Bayan Member |
| Kgg. Gabriel C. Hermilao | - | -do- |
| Kgg. Efren S. Acosta | - | -do- |
| Kgg. Rosalinda M. Cabagay | - | -do- |
| Kgg. Leonardo A. Andallon- | - | -do- |
| Kgg. Sanny O. Madra | - | -do- |
| Kgg. Roberto A. Hilario | - | -do |
| Kgg. Eric Michael R. Pajotal | - | -do- |
| Kgg. Juan L. Salas, Sr. | - | Pres., Liga ng mga Brgy. |
| Kgg. Joseph Rey S. Amparo | - | SK Fed. President |

**HINDI NAKADALO:**

Wala

x------------------------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 05-03-047

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIPAGDALAMHATI SA NAULILA NG NASIRANG MARIETA R. ASIDOR. ISANG ULIRANG MAY BAHAY AT ISANG INSPIRASYON NG BAWAT PILIPINANG MAY BAHAY**

**SAPAGKAT,** si Gng. Marieta R. Asidor ng Barangay Mliagrosa, Bulalacao, Silangang Mindoro ay sumakabilang-buhay noong nakaraang Martes, ika-8 ng Marso, 2005; habang ipinagdiriwang ang Linggo ng Kababaihan;

**SAPAGKAT,** sa kabila ng mga indayog ng pag-indak ay lingid sa kaalaman ng marami na nakatago ang isang sakit na kung dumating ay hindi na nagpapaalam ay bigla na lamang dumarating kagaya ng kanyang sinapit noong araw na sadyang takda, na ayon sa mga mediko ay sanhi ng isang nakamamatay na atake sa puso;

**SAPAGKAT,** sa kabila ng kanyang paghihirap at pagtitiis upang maharap ang mga tiising nadaranas ng isang nilalang na kinapitan na tinatawag na Cardio Vascular Disease ay aktibo at may paninindigang katapatan at kusang loob na ginampanan ang kanyang mga tungkulin bilang isang kasapi ng isang komunidad, at dagdag pa rito ang kanyang hindi matatawarang pagkilos tungo sa pagsusulong ng kagalingan at karapatang pangtao ng mga kababaihan;

Scanned with CamScanner

**SAPAGKAT**, sa dakong katanghalian ng ika-8 ng Marso, 2005, ay biglang lumukod ang malamig na anghel ng kamatayan upang siya ay bawian ng buhay sa init ng kanyang pagsasayaw habang nagdudulot ng kasiyahan sa mga nagmamasid na mga mamamayan;

**SAPAGKAT,** ang pagyao ni Gng. Marieta R. Asidor ayt isang bangungot ng kalungkutan para sa kanyang mga kakilala, kamag-anak at kaibigan higit na lalo sa mga taga-Milagrosa; Sayang ang panaghoy ng mga taong nakaalaala at nagbigay pahalaga sa kanang mga sosyo-sibikong nagawa sa panahon na siya ay malakas pa at hanggang sa punto ng kamatayan; kung kayat dahil dito

**PINAGPASYAHAN PA GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA, NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikipagdalamhati sa naulila ng nasirang Marieta R. Asidor; isang ulirang may bahay at Inspirasyon ng Pilipinang may bahay;

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Rosalinda M. Cabagay na pinangalawahan ng lahat ng dumalo, ang kapasyahang ito ay …

**PINAGTIBAY**": Marso 11,2005 , Bulalacao, Oriental Mindoro.

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**SALVADOR A. MAGALAY**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng pulong

**SINAKSIHAN:**

**SIXTO O. BARRIENTOS**
Kalihim ng Sanggunian

**PINAGTIBAY:**

**ERNILO O. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 3-14-05

Wrd.res.
050314/jpc

Scanned with CamScanner